REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

**Tanggapan ng Sangguniang Bayan**

KAPASIYAHAN BILANG 91-230

KAPASIYAHAN NA NAGLALAAN ANG SANGGUNIANG BAYAN NG MUNTINLUPA NG HALAGANG ISANDAANG LIBONG PISO (P100,000.00) BILANG KABAYARAN SA SYSTEMS CONTRACTOR, INC. NA GUMAWA NG GUSALING PAMPAARALAN NA MAY WALONG (8) SILID ARALAN SA LAKEVIEW ELEMENTARY SCHOOL.

* * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * *

SAPAGKAT, ang halagang Isandaang Libong Piso (P100,000.00) ay dagdag kabayaran sa Systems Contractor, Inc. sa paglilipat ng lugar na pagtatayuan ng walong (8) silid aralan sa Lakeview Elementary School;

SAPAGKAT, ang orihinal na plano na pagtatayuan ng mga silid-aralan na ipinagagawa ng Department of Education , Culture and Sports ay sa patag na lupa ngunit ito'y ipinalipat ng pamahalaang bayan sa di-patag na lupa ay mangangahulugan ng karagdagang materyales na gagamitin at karagdagang araw sa paggawa;

SAPAGKAT, ang karagdagang gastusin o halaga ng paglilipat ng lugar na pagtatayuan ng mga silid-aralan ay pinagkasunduan ng panig ng kontraktor at ng pamahalaang bayan na ito'y babayaran ng huli (pamahalaang bayan);

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay pinagpasiyahan at muling pinagpasiyahan na gumawa ng kapasiyahan na naglalaan ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ng halagang Isandaang Libong Piso (P100,000.00) bilang kabayaran sa Systems Contractor, Inc. na gumawa ng gusaling pampaaralan na may walong (8) silid aralan sa Lakeview Elementary School.

PINAGTIBAY ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa, Kalakhang Maynila sa kanilang pang 179th regular na pagpupulong na ginanap ngayong ika-18 ng Nobyembre, 1991 sa Bulwagan ng People's Center , Muntinlupa, Kalakhang Maynila.

MGGL. IGNACIO R. BUNYE
Punong Bayan/Pangulong Opisyal

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

**Tanggapan ng Sangguniang Bayan**



MGGL. JAIME R. FRESNEDI
Pang.Punong Bayan/Pang.Pangulong Opisyal

(Hindi bumoto)
KGG. CARLO G. TENSUAN
Konsehal

KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ
Konsehal

(Hindi bumoto)
KGG. EPIFANIO A. ESPELETA
Konsehal

(Hindi bumoto)
KGG. REY E. BULAY
Konsehal

KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

KGG. NEMESIO O. MOZO
Konsehal

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

KGG. ROGER C. SMITH
Konsehal

KGG. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

KGG. VICENTE YU CHUA
Konsehal

PINATOTOHANAN :

PETER B. SALONGA
Pambayang Kalihim

PBS/vts